# QC handa na sa eleksiyon sa Lunes

Handa na ang Quezon City government para sa #Halalan2019 sa May 13.

Ayon kay Ruby Rosa Guevarra, officer-in-charge ng City Treasurer's Office, ang lokal na pamahalaan at ang kanilang mga tauhan ay 100 percent ready na para sa eleksiyon.

May kabuuang 1,487 boxes ng mga official ballots ang naipadala na sa QC Treasurer's Office na takdang ipamahagi sa may 8,106 precincts sa lungsod.

Nakapag-training at orientation na din anya ang mga miyembro ng board of canvassers at ang mga guro na magsisilbi sa halalan sa Lunes.

Kaugnay nito, sinabi ni QC Department of Public Order and Safety – Traffic Operations Division chief Dexter Cardenas na ang tanggapan ay handa na rin sa kanilang mandate sa halalan.

Ang DPOS ang aasisti sa mga guro sa pagdadala ng election paraphernalia sa kanilang mga polling centers at sa panahon ng retrieval at paghahatid ng mga balota sa Quezon City Hall.

Ang Quezon City Police District (QCPD) naman ay round-the-clock na magkakaloob ng seguridad sa panahon ng halalan.

Sinabi ni QCPD director Chief Superintendent Joselito Esquivel Jr., may kabuuang 2,123 pulis ang ikakalat sa May 13 para matiyak ang maayos at matahimik na halalan sa QC. *(Angie dela Cruz)*